# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 45*

***Hindi Dapat Manipulahin ng mga Magulang ang mga plano ng Dios para sa kanilang mga anak***

***"25 At narito, may isang lalake sa Jerusalem, na nagngangalang Simeon; at ang lalaking ito'y matuwid at masipag sa kabanalan, na nag-aantay ng kaaliwan ng Israel: at sumasa kaniya ang Espiritu Santo. 26 At ipinahayag sa kaniya ng Espiritu Santo, na di niya makikita ang kamatayan, hanggang sa makita muna niya ang Cristo ng Panginoon. 27 At siya'y napasa templo sa Espiritu: at nang ipasok sa templo ang sanggol na si Jesus ng kaniyang mga magulang, upang sa kaniya'y magawa nila ang nauukol alinsunod sa kaugalian ng kautusan. 28 Ay tinanggap nga niya siya sa kaniyang mga bisig, at pinuri ang Dios, at nagsabi, 29 Ngayo'y papanawin mo, Panginoon, ang iyong alipin, Ayon sa iyong salita, sa kapayapaan, 30 Sapagka't nakita ng aking mga mata ang iyong pagliligtas. 31 Na iyong inihanda sa unahan ng mukha ng lahat ng mga tao; 32 Isang ilaw upang ipahayag sa mga Gentil, At ang kaluwalhatian ng iyong bayang Israel. 33 At ang kaniyang ama at ang kaniyang ina ay nagsisipanggilalas sa mga bagay na sinasabi tungkol sa kaniya; 34 At sila'y pinagpala ni Simeon, at sinabi sa kaniyang inang si Maria, Narito, ito ay itinalaga sa ikararapa at sa ikatitindig ng marami sa Israel; at pinakatandang tudlaan ng pagsalangsang: 35 Oo at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:25-35 KJV)***

Gustung gusto ng mga tao na makipagkita at makipag usap sa mga taong matuwid na pinahiran at pinamumunuan ng Banal na Espiritu. Kadalasan, iniisip nila na ang pagkikita sa gayong mga tao ay magbibigay sa kanila ng mga pagpapala mula sa Dios. Ang mga taong matuwid ang karaniwang ginagawa nila ay ito: ibinabahagi nila ang Salita ng Dios at ang kalooban ng Dios sa mga taong iyon na dumarating sa kanilang buhay, at ang pagpapala ng Dios ay maibabahagi kapag ang mga tao ay sumusunod at nagpasakop sa kalooban ng Dios at nagpapasakop sa Kanyang Salita. Hindi ang panalangin o pagpapatong ng mga kamay ng matutuwid na tao ang magbibigay ng pagpapala ng Dios kundi ang kahandaan mong sundin ang mga tagubilin sa iyo na nagmumula sa Salita ng Dios.

Si Simeon ay matuwid at tapat na tao, ang Banal na Espiritu ay sumasa kanya at ipinahayag sa kanya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na makikilala niya ang Tagapagligtas, si JesuCristo, bago siya mamatay. ***"25 At narito, may isang lalake sa Jerusalem, na nagngangalang Simeon; at ang lalaking ito'y matuwid at masipag sa kabanalan, na nag-aantay ng kaaliwan ng Israel: at sumasa kaniya ang Espiritu Santo. 26 At ipinahayag sa kaniya ng Espiritu Santo, na di niya makikita ang kamatayan, hanggang sa makita muna niya ang Cristo ng Panginoon." (Lucas 2:26 KJV)***

***"27 At siya'y napasa templo sa Espiritu: at nang ipasok sa templo ang sanggol na si Jesus ng kaniyang mga magulang, upang sa kaniya'y magawa nila ang nauukol alinsunod sa kaugalian ng kautusan," (Lucas 2:27 KJV)*** Ang taong ito ay pinatnubayan ng Banal na Espiritu na kumilos upang makilala ang mga magulang nang dinala nila si Jesus.

***"28 Ay tinanggap nga niya siya sa kaniyang mga bisig, at pinuri ang Dios, at nagsabi, 29 Ngayo'y papanawin mo, Panginoon, ang iyong alipin, Ayon sa iyong salita, sa kapayapaan," (Lucas 2:28-29 KJV)*** Siya ay napasaya nang nakita ang Panginoon dahil batid niya na ang Panginoon ay malapit nang tuparin kung anong ipinangako Niya sa kanya. Dahil matanda na at marahil ay nahihirapang kumilos at pamahalaan ang kanyang buhay, siya'y nagalak sa pagkita sa Panginoon, ang kaligtsan ng Dios, dahil alam niyang dumating na ang panahon ng kanyang pagpanaw kasama ang Panginoon ***"30 Sapagka't nakita ng aking mga mata ang iyong pagliligtas," (Lucas 2:30 KJV) "6 Sapagka't ako'y iniaalay na, at ang panahon ng aking pagpanaw ay dumating na. 7 Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: 8Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang pagpapakita." (2 Timoteo 4:6-8 KJV)***

Ipinahayag dito ni Simeon ang sumusunod tungkol kay Jesus:

1. ***"30 Sapagka't nakita ng aking mga mata ang iyong pagliligtas," (Lucas 2:30 KJV)*** Kay JesuCristo ang kaligtasan ng Dios.

2. ***"31 Na iyong inihanda sa unahan ng mukha ng lahat ng mga tao; (Lucas 2:31 KJV)*** Si JesuCristo ay ang kaligtasan ng Dios sa lahat ng mga tao.

3. ***"32 Isang ilaw upang ipahayag sa mga Gentil, At ang kaluwalhatian ng iyong bayang Israel." (Lucas 2:32 KJV)*** Si JesuCristo ay ang kaligtasan ng Dios sa lahat ng mga tao, at Siya ang liwanag para sa mga Judio at Gentil. Siya ang Liwanag ng sanglibutan na sa pamamagitan Niya lamang makikita natin ang katotohanan at hindi tayo lalakad sa kadiliman; at sa mga tinanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas at Panginoon sa kanilang buhay, sila'y mamumuhay sa liwanag ng Dios.

***"33 At ang kaniyang ama at ang kaniyang ina ay nagsisipanggilalas sa mga bagay na sinasabi tungkol sa kaniya;" (Lucas 2:33 KJV)*** Si Jose at Maria ay napakasaya na marinig ang ganoong bagay sa kanilang anak. Masaya ang mga magulang na marinig ang kamangha manghang mga bagay tungkol sa kanilang mga anak. Tiyak na sila'y masaya nang binasbasan ni Simeon sila, ***"At sila'y pinagpala ni Simeon, " (Lucas 2:34 KJV)***

Si Simeon pagkatapos niyang pagpalain ang mga magulang, kinausap niya ang Kanyang ina, si Maria, at sinabi ang sumusunod, ***"at sinabi sa kaniyang inang si Maria, Narito, ito ay itinalaga sa ikararapa at sa ikatitindig ng marami sa Israel; at pinakatandang tudlaan ng pagsalangsang: 35 Oo at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:34 KJV)*** Ang sinabi ni Simeon kay Maria, si Jesus ang magpapabagsak sa ilang mga tao at ang ilan naman ay babangon. Kaya Siya ay magiging sanhi, at magiging mapagmumulan ng hidwaan. Hindi lamang iyon kundi Siya ang

magiging tanda na sasabihing laban. Nangangahulugang ito na Siya ay sasalungatin ng iba. Ang gayong mga uri ng salita ay hindi matutuwa na makatanggap tungkol sa kanilang mga anak, kahit pa ang mensahe ng Dios ay nagmula sa pamamagitan ng isang taong tapat tulad ni Simeon. Sa katunayan, Simeon, iginiit ang mensahe kay Maria sa pamamagitan ng pahayag na ito: ***"35 (Oo at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:35 KJV)***

***"(Oo at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:35 KJV)*** Ang sinasabi ni Simeon kay Maria na isang bagay na mangyayari sa iyong anak na ito na napasakit sa iyo. Ang tabak na tatago sa iyong sariling kaluluwa, ibig sabihin dadaan ka sa masakit na karanasan na hindi ka magiging masaya. Karaniwang ginagamit ng mga magulang upang pasiyahin ang kanilang mga anak at bigyan sila ng magagandang bagay, bilang isang pagpapahayag ng kanilang mga pagmamahal at emosyon sa kanila. Iniiwasan ng mga magulang na disiplinahin ang kanilang mga anak at iniiwasan nilang magdulot sa kanila ng sakit ng pamalo dahil ayaw nilang maramdaman nila ang sakit. Kapag ang ating mga anak ay nagdusa sa ilalim ng disiplina ang mabuting plano ng Dios ay magaganap sa buhay ng ating mga anak.

Sinabi rin ni Simeon, ***"upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:35 KJV)*** Hindi lamang ang mga pag iisip ng marami, kundi maging ang pag iisip ni Maria ay mahayag at makita. Tiyak na hindi nasiyahan si Maria na marinig iyon. Maging ang ibang mga magulang o ina ay hindi magiging masaya na marinig ang ganoong hula para sa kanilang mga anak.

Ang mga magulang ay karaniway may sarili silang mga plano at kahilingan at pangarap para sa kanilang mga anak at gagawin nila ang kanilang pinakamahusay upang idikta ang mga natatanging plano sa buhay ng kanilang mga anak. Ang mga magulang sa pamantayan ng sanglibutang ito ay palaging pipiliin ang pinakamahusay na pamantayan ng sanglibutang ito upang ituro sa kanilang mga anak, ang pinakmahusay na kolehiyo, ang pinakamahusay na prospesyon, ang pinakamahusay na lugar sa sanglibutan upang mamuhay at iba pa. Ngunit kapag ang plano ng Dios sa buhay ng kanilang mga anak ay dumating patungo sa pagpapalumbaba at pagdurusa hindi tatanggapin ng mga magulang ang ganoong mga plano ng Dios sa kanilang mga anak. Ang mga magulang na hindi handang tumalima sa Dios at sa Kanyang mga plano para sa kanilang mga anak, sisimulan nilang manipulahin ang kanilang mga anak na lumayo mula sa mga plano ng Dios at hahayaan silang kumilos sa kanilang sariling mga plano na nagmula sa pagmamalaki, ego at pangarap ng mga magulang.

Ang Banal na Espiritu ay sumasa kay Simeon ay nagsalita kay Maria at hindi kay Jose tungkol sa mangyayari kay Jesus. ***"At sila'y pinagpala ni Simeon, at sinabi sa kaniyang inang si Maria, Narito, ito ay itinalaga sa ikararapa at sa ikatitindig ng marami sa Israel; at pinakatandang tudlaan ng pagsalangsang:" (Lucas 2:34 KJV)*** Maaring si Jose ay isang matuwid na tao, malamang ang kanyang pag iisip ay nakatakdang handang tanggapin ang hulang sinalita ni Simeon tungkol sa mangyayari kay Jesus, Hindi ipinakita ng Banal na Kasulatan na si Jose ay tumanggi sa plano ng Dios at ang kapalaran ni Jesus, sa pagsalungat ng mga Judio at kalaunan ay ipinapako sa krus. Ngunit malamang din na hindi nagsalita si Simeon kay Jose, dahil maaring siya'y patay na sa panahon ng miniteryo at pagpapako kay Jesus.

Ngunit sa paglipas ng panahon, makikita natin sa Kasulatan na pinipilit ni Maria na pigilan si Jesus na ituloy ang itinakda ng Dios para sa Kanya na dumaan at bilang mga sumusunod:

***1. <u>Sa kasalan sa Cana nais niyang makialam sa oras ni Jesus:</u> "1 At nang ikatlong araw ay nagkaroon ng isang kasalan sa Cana ng Galilea; at naroon ang ina ni Jesus: 2 At inanyayahan din naman si Jesus, at ang kaniyang mga alagad, sa kasalan. 3 At nang magkulang ng alak, ang ina ni Jesus ay nagsabi sa kaniya, Wala silang alak. 4 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, anong pakialam ko sa iyo? ang aking oras ay hindi pa dumarating." (Juan 2:1-4 KJV)*** Kinausap ni Maria si Jesus hindi bilang Dios, Maylalang sa kanya, kundi inuutusan niya siya bilang kanyang sariling anak. Nais niyang ipagmalaki sa pagkakataong iyon na malaki ang magagawa ng kanyang anak. Gusto niyang ipakita ang sarili bilang inang reyna. Maaaring naantig din siya sa kanyang damdamin para tulungan ang sitwasyon ng mga tao sa kasal, kaya naman iniharap niya ang kanyang mungkahi sa kanyang anak at hiniling sa Kanya na tulungan silang maibsan sila. Ngunit ang pagsagot ni Jesus sa kanya ay naunawaan niya na ang Dios ay may Kanyang sariling oras at plano. Inilagay siya ni Jesus sa tamang hangganan nang sabihin Niya sa kanya, ***"4 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, anong pakialam ko sa iyo? ang aking oras ay hindi pa dumarating." (Juan 2:4 KJV)*** Maging pagkatapos ng kasalan sa Cana ang Kanyang ina ay nanatili sumaglit kasama Niya sa Kanyang misyon, ***"12 Pagkatapos nito ay lumusong siya sa Capernaum, siya, at ang kaniyang ina, at ang kaniyang mga kapatid, at ang kaniyang mga alagad; at sila'y nangatira roong hindi maraming araw. (Juan 2:12 KJV)*** Ang mga Katoliko na naglalarawan na si Maria ay banal at iginagalang siya at idirekta ang kanilang mga panalangin sa kanya, posibleng ginagawa nila iyon dahil nalilito sila nang lumapit at mamagitan si Maria sa ngalan ng mga taong na kakulangan sa kasalan na iyon. Natisod sila sa ginawa ni Maria sa pagmamanipula ng plano ng Dios para kay Jesus at pakikialam sa Kanyang ministeryo lalo na sa ginawa niya sa kasalan sa Cana. Ngunit naunawaan ni Maria na Siya ay Dios at Siya ay may Kanyang sariling oras, at nilinaw niya ito, nang sinabi niya sa mga alipin, ***"Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin." (Juan 2:5 KJV)***

***2. <u>Nang gusto niyang ilabas siya mula sa isang pulong na ginawa Niya sa mga tao:</u> "31 At dumating nga ang kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid; at, palibhasa'y nangakatayo sila sa labas, ay nangagpasugo sila sa kaniya, na siya'y tinatawag. 32 At nangakaupo ang isang karamihan sa palibot niya; at sinabi nila sa kaniya, Narito, nangasa labas ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na hinahanap ka. 33 At sinagot niya sila, at sinabi, Sino ang aking ina at aking mga kapatid? 34 At paglingap niya sa nangakaupo sa palibot niya, ay sinabi niya, Narito, ang aking ina at aking mga kapatid! 35 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng Dios, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking kapatid na babae, at ina." (Marcus 3:31-35 KJV)*** Ang kanyang ina ay natakot tungkol sa kanya dahil sila'y nagsasabi ng tungkol sa Kanya na Siya ay wala sa tamang pag iisip, na Siya ay inaalihan ng

demonyo, at lalo na ang mga nag akusa sa Kanya na mga eskriba na nanggaling sa Jerusalem; na mula sa Galileo upang siyasatin Siya, at sinabi nila ang tungkol sa Kanya na sumasa Kanya si Beelzebub, ang diablo.

***"21 At nang mabalitaan yaon ng kaniyang mga kaibigan, ay nagsilabas sila upang siya'y hulihin: sapagka't kanilang sinabi, Sira ang kaniyang bait. 22 At sinabi ng mga eskriba na nagsibaba mula sa Jerusalem, Nasa kaniya si Beelzebub, at, Sa pamamagitan ng prinsipe ng mga demonio ay nagpapalabas siya ng mga demonio." (Marcus 3:21-22 KJV)*** Dahil doon ay mas nag aalala si Maria tungkol sa Kanya dahil alam na ng punong himpilan sa Jerusalem ang pagdating ng mga eskriba at ng kanilang mga pagtatalo sa Kanya. Kaya nga siya naparito para ilayo Siya sa pagpupulong na iyon. Malamang nalalaman niya ang hula ni Simeon at ginagawa niya ang lahat para hindi matupad ang hulang iyon. Maraming mga Magulang kapag nakikita nila na ipinapahintulot ng Dios sa kanilang mga anak na dumaan sa mga pagdurusa at kahirapan bilang ginagawa nila ang kalooban ng Dios, gagawin nila ang kanilang makakaya upang iligtas ang kanilang mga anak sa pagdurusa. Hindi kayang manipulan ni Maria ang plano ng Dios para kay Jesus dahil si Jesus ay Dios at hindi niya ipinahintulot sa kanya na magtagumpay sa ganoon. Maraming mga magulang na karaniwang minamanipula ang plano ng Dios para sa kanilang mga anak at susubukang piliin sa kanila ang pinaka makamundong mga bagay at ang pinaka komportableng mga bagay, marahil ay magtatagumpay sila sa bagay na iyon dahil ang mga bata ay tao at hindi Dios. Magtatagumpay silang gawin iyon, ngunit hindi nila alam na hindi pagpapalain ang kanilang mga anak dahil ang kanilang mga anak ay lumayo mula sa plano ng Dios na mayroon Siya para sa kanila.

**3. <u>Sa pandaraya ng kanyang inang si Maria, maging ang Kanyang sariling mga kapatid ay hindi naniwala sa Kanya:</u>** ***"1 At pagkatapos ng mga bagay na ito ay naglakad si Jesus sa Galilea: sapagka't ayaw siyang maglakad sa Judea, dahil sa pinagsisikapan ng mga Judio na siya'y patayin. 2 Malapit na nga ang pista ng mga Judio, ang pista ng mga tabernakulo. 3 Sinabi nga sa kaniya ng kaniyang mga kapatid, Umalis ka rito, at pumaroon ka sa Judea, upang makita naman ng iyong mga alagad ang mga gawang iyong ginagawa. 4 Sapagka't walang taong gumagawa ng anomang bagay sa lihim, at nagsisikap ihayag ang kaniyang sarili. Kung ginagawa mo ang mga bagay na ito ay pakilala ka sa sanglibutan. 5 Sapagka't kahit ang kaniyang mga kapatid man ay hindi nagsisisampalataya sa kaniya." (Juan 7:1-5 KJV)*** Ang hindi matibay na paninindigan ni Maria sa dadaanan ni Jesus ay marahil ay nagpahina sa pananampalataya ng iba pa Niyang mga kapatid sa pamilya. Ang mga magulang, isa sa kanila o pareho, na susubukang manipulahin ang plano ng Dios para sa kanilang mga anak ay makakaapekto sa pananampalataya ng kanilang mga anak at magdadala sa kanila palayo sa kalooban ng Dios.

Ang mga pamilya o magulang na humadlang o manipulahin ang plano ng Dios para sa kanilang mga anak sila'y hindi magiging liwanag sa iba para ipalaganap ang evangelio. Ang Banal na Espiritu ay hindi magnining sa pandaraya. Ang mga magulang na nagpapahayag sa Dios at naglilingkod sa Kanya ngunit tinatanggihan nila ang mga plano ng Dios para sa kanilang mga anak dahil hindi angkop sa kanilang mga ego at kapalaluan, ang kanilang mga pamilya ay nasa pagsamba sa mga dios- diosan at hindi magiging mabuting patotoo sa iba upang makilala si Cristo at tanggapin ang kalooban at kapulungan ng Dios. Ang pandaraya sa mga magulang ay naglalabas ng isang nakalilitong mensahe sa kanilang mga anak at sa iba pang bahagi ng mundo sa paligid nila.

**4. <u>Sa huli'y hinarap ni Maria ang katotohanan ng krus ni Jesus at tinanggap ang hula ni Simeon:</u>** ***"25 Ang mga bagay ngang ito ay ginawa ng mga kawal. Datapuwa't nangakatayo sa piling ng krus ni Jesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena. 26 Pagkakita nga ni Jesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong anak! 27 Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito, ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan." (Juan 19:25-27 KJV)*** Sa oras na ito ay tinanggap ni Maria ang kalooban ng Dios para sa kanyang anak na si Jesus. Isinuko niya ang kanyang kalooban sa Dios. Tinanggap niya na ang kanyang anak ay ang Maylalang, upang maging kanyang Panginoong nang tawagin siyang, ***"Babae"***, at sumunod siyasa Kanyang tagubilin bilang kanyang Panginon at kanyang Dios, at umuwi sa bahay ng mga alagad na iniibig ni Jesus.

**5. <u>Si Maria siya'y pinaalalahanan at dinala ang ipinangako niya sa Dios:</u>** Ang susunod ay ang ipinangako ni Maria sa anghel na naghayag sa kanya na siya ay magdadalang tao kay Jesus, ***"38 At sinabi ni Maria, Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita. At iniwan siya ng anghel." (Lucas 1:38 KJV)*** Ipinangako niya na siya alipin ng Dios, ngunit sa paglipas ng panahon nais niyang maging mataas sa Dios. Ang mga magulang sa ilang pagkakataon nakakalimutan ang ipinalangin nila at ang ipinangako nila sa Dios. Hayaan ang Salita ng Dios at ng Banal na Espiritu ay laging ipaalala at hatulan ka na gawin at ipamuhay ang ipinangako mo sa iyong sarili na maging at gawin.

**6. <u>Si Maria ay naging mabuting halimbawa sa iba:</u>** Matapos isuko ni Maria ang kanyang buhay sa Dios, siya'y naging bahagi ng simbahan, dinala niya ang kanyang mga anak sa Panginoon, at silang lahat ay nasa ilalim ng espirituwal na pangangalaga ng mga apostoles: ***"13 At nang sila'y magsipasok sa bayan, ay nagsiakyat sila sa silid sa itaas, na kinatitirahan nila; ni Pedro at ni Juan at ni Santiago at ni Andres, ni Felipe at ni Tomas, ni Bartolome at ni Mateo, ni Santiago na anak ni Alfeo, at ni Simong Masikap, at ni Judas na anak ni Santiago. 14 Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga kapatid niya." (Mga Gawa 1:13-14 KJV)***

Si Maria at ang kanyang mga anak ay nasa pagkakaisa kasama ng mga apostoles. Sama sama nilang nasaksihan kung ano ang dinadaanan ng unang simbahan, at kabilang sila sa 120 disipulo, at nasaksihan at tinanggap nila ang bautismo ng Banal na Espiritu sa araw ng Pentecostes na nagbigay daan sa kanila upang maglingkod sa layunin ng Dios sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kahanga hangang gawain ng Diyos sa iba't ibang wika. ***"1 At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. 2 At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. 3 At sa kanila'y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at***

***dumapo sa bawa't isa sa kanila. 4 At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain." (Mga Gawa 2:1-4 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal, mga kapatid na lalake at babae at mga magulang! "35 Oo at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:35 KJV)*** Ang tabak ayon sa Banal na Kasulatan ay, ***"At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios:" (Epeso 6:17 KJV) "12 Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso." (Hebrew 4:12 KJV)*** * Dalangin ko para sa lahat sa inyo mga magulang na maging mabuting halimbawa sa iba, Kaya, ipangako ang iyong sarili sa pagtawag ng Dios, tanggapin ang kalooban ng Dios para sa iyong buhay at para sa buhay ng iyong mga anak. Huwag manipulahan ang plano ng Dios para sa kanila dahil hindi iyon magiging kapaki pakinabang sa kanila. May magandang plano ang Dios para sa iyong mga anak at sila ay pagpapalain kung ikaw ay makikipagtulungan sa Dios upang hayaan silang ituloy iyon. * Sa halip makipagtulungan sa Dios at lumakad at makipagtulungan sa Kanya upang matupad iyan at masaksihan ninyo ang pinagpalang buhay na inihanda ng Dios para sa inyong mga anak at kanilang mga anak.

Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ng tungkol sa iyong mabubuting plano na mayroon ka para sa aking mga anak at salamat sa pagpapaalala sa akin ng ipinangako ko sa iyo. Pangnoon salamat para sa lahat ng mga pagtutuwid at ang pagpapayo na aking tinanggap sa mensaheng ito.*

*Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong pagmamataas at pagmamalaki, paggawa ng iyong sariling kalooban at plano at pagsalungat sa mga plano ng Dios para sa iyong mga anak. Ipagtapat ang iyong kamunduhan, ang iyong pagmamalaki, at pagpapakitang gilas. Talikdan ang iyong emosyon na nagmamanipula na gawin ang iyong sariling kagustuhan. Talikdan ang iyong pagtitiwala sa edukasyon, mga trabaho, at materyal na mga bagay nang higit sa Dios. Ipagtapat ang iyong kawalan ng pangako sa Dios at ang iyong kawalang kahandaang magdusa para sa kanya at maglingkod sa Kanya. Panginoon patawarin ako Ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan* ____________________

*Panginoon isinusuko ko ang aking buhay sa iyo. Handa akong tumalima sa iyong mga plano na mayroon ka sa aking mga anak. Ako'y nagtitiwala sa iyo na ang iyong mga plano ay ang pinakamabuti para sa kanila. Panginoon ako'y makikipagtulungan sa iyo na suma iyong sakdal na plano at kalooban ang aking mga anak. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mamuhay sa estilo ng buhay nais mong ipamuhay ko. Itong lahat ay hinihiling at dinadalangin ko sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay muli na mamuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon ilaan ang kanilang pangangailangan at patnubayan sila unti unti sa mabubuting plano na mayroon ka para sa kanila at para sa kanilang mga anak. Panginoon gawin silang ganap at responsable at tulungan sila sa mga pagsubok na ipinapahintulot mo sa kanila na dumaan at gamitin sila upang maglingkod sa iyo sa iyong simbahan at mga ministerio.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan at tulungan kami na turuan ang mga magulang at patuloy na sanayin sila na gawin ang iyong kalooban at sundin ang mabubuting plano na mayroon ka sa kanila at sa kanilang mga anak. Panginoon tulungan kaming magtiis sa mga pagsubok na ipinahintulot mong pagdaanan namin bilang isang simbahan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio, gumawa ng bagong mga alagad, magsanay ng bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com